

PROLOGUE

New York City...

Nakamasid sa labas ng bintana si Ivan Parerra. Tapos na ang spring at nagsimula na ang summer, subalit heto siya at trabaho at ospital ang inaatupag. Sa nakaraang dalawang linggo mula nang dalhin doon ang kababata niyang si Amelia Pimentel ay parati siyang tumutuloy sa ospital paglabas niya sa kanyang trabaho.

Napabuntong-hininga siya habang pinakikinggan ang mga hikbi ni Judy na nakaupo sa tabi niya sa couch. Kung gaano kabigat ang pasan niya sa dibdib ay alam niyang sampung beses na mas masakit ang nararamdaman nito bilang ina ng pasyente.

Mula pa pagkabata nila ay may sakit na sa puso si Amelia. Kapitbahay niya ito noon sa Pilipinas at kaibigan ni Judy ang ina niyang si Savannah. Dahil sa subdivision sila nakatira noon ay wala silang gaanong nakakalarong mga bata, kaya sila ang naging malapit na magkaibigan.

Noong high school pa lamang sila ay nabatid na niyang may pagtangi sa kanya si Amelia, ngunit

anuman ang gawin niya ay hanggang kapatid lamang ang turing niya rito. Sa pagtuntong nila sa kolehiyo ay ilang beses itong umiyak sa tuwing nagkakaroon siya ng kasintahan. Hanggang sa naisipan niyang ipakilala ito sa pinsan niyang si Cedric.

Cedric liked her, and Amelia said he wasn't so bad. Sa pag-aakalang magkakamabutihan ang dalawa, umalis siya ng Pilipinas pagkatapos ng graduation at nagtrabaho sa US, sa *Northern Airlines* kung saan ang kanyang ama ang chairman. Pagkatapos ng isang taon, nalaman niyang nagkahiwalay sina Cedric at Amelia. Nang sumunod na taon, nabalitaan niyang lumala ang sakit ng kanyang kababata.

Mula noon ay halos sa ospital na nanirahan si Amelia. Kapag nagbabakasyon siya ay dederecho siya sa ospital para dalawin ito. Kung sinu-sino nang magagaling na heart surgeons ang kinontak nila, at ilang milyones na rin ang nagastos ng pamilya Pimentel para sa operasyon nito, ngunit lahat ay nabigo. Hanggang sa naisipan niyang dalhin ito sa States at doon ipagamot. Siya rin ang umako sa lahat ng hospital bills.

And here they were... still a failure. Kararating lamang niya galing trabaho at naabutan niya si Judy na umiiyak. After a series of diagnosis, it turned out

na wala na raw magagawa ang ospital sa sakit ni Amelia.

“Ano pa’ng sinabi ni Dr. Johnson?” tanong niya kay Judy, finally breaking the long eerie silence.

Tumingala ito sa kanya at sinulyapan ang natutulog na pasyente sa kama. “At most, a year na lang daw ang itatagal ng buhay niya.”

Ivan was startled. Hindi siya makapaniwalang ganoon na lang kaiksi ang nalalabing sandali ng dalaga sa mundo.

“Excuse me,” anang isang nurse na sumilip mula sa bukas na pinto. “Dr. Johnson is calling for you in his office.”

Kaagad na pinahid ni Judy ang luha at tumayo. Sinulyapan lamang siya nito saglit at sinundan nito ang nurse sa labas.

Nang sumara ang pinto, muling binalot ng katahimikan ang silid. Dahan-dahan niyang nilapitan si Amelia at pinagmasdan ang mukha nito.

Dati na itong payat, ngunit ngayon ay bakat na ang mga buto nito sa pisngi. She was only twenty-seven, a year younger than him, ngunit kung hitsura ang pagbabasehan ay parang nasa thirties na ito.

Nevertheless, she was still pretty.

“Mahaba pa naman ang isang taon, di ba?”

His brows furrowed. He thought it was just his imagination, but he was certain he heard her speak.

To his surprise, her eyes opened. Hindi pala ito natutulog kanina, at siguro ay narinig nito ang sinabi ni Judy tungkol sa taning ng buhay nito.

“A-Amelia...” he muttered her name. “You heard?”

Kahit napakahina na ay nagawa pa rin nitong ngumiti. “Kahit naman hindi ko narinig, nararamdaman ko nang humihina ang katawan ko. Akala ko nga baka dalawang buwan na lang ang itatagal ko, pero aabot pa pala ako ng isang taon.”

With his heart heavy with compassion, he slowly settled on the bed beside her. Dahan-dahan niyang inabot ang kamay nito at pinisil. “Don’t lose hope. We’re not giving up on you yet.”

Napuno ng luha ng kaligayahan ang mga mata nito. “Ivan, you’re the nicest person I’ve ever known. That’s why I love you so much.”

Hindi nakapagsalita si Ivan. Kahit ilang beses nang sinabi ni Amelia sa kanya iyon ay ni minsan hindi niya iyon tinugunan.

“Pero may mga bagay na kailangan na lang nating tanggapin,” pagpapatuloy nito. “Ginawa na natin ang lahat, pero siguro hanggang dito na lang ako. But before I die, I only have this one wish.”

“Tell me what it is,” he said. Anuman ang hilingin nito ay pipilitin niyang pagbigyan.

“I wish to die as your wife, Ivan. That way, I will always be a part of you.”

He almost jerked away. Iyon ang isang bagay na hindi niya inasahang hihilingin nito. Papaano nga ba niya tatanggihan ang huling kahilingan ng isang taong malapit nang lumisan?

1

Huminga nang malalim si Alona Gutierrez nang mailagay na niya sa kariton ang huling bungkos ng rosas. Limang daang piraso lahat iyon na in-order ng isang flower shop. Alas diez na ng umaga, at mayamaya lamang ay darating na ang sasakyan ng flower shop para i-pick up iyon.

Pinahid niya ang pawis na tumulo mula sa kanyang noo at itinulak ang kariton sa gilid ng greenhouse. Pagod na siya at nanlalagkit na ang kanyang katawan, ngunit kailangan pa niyang putulan ang ilang mga sanga.

Sa bawat umaga ay ganoon ang kanyang trabaho. Kung hindi siya namimitas ng mga bulaklak ay naglilinis siya ng dahon, naglalagay ng pataba sa lupa o kaya ay nagdidilig. Pasalamat siya sa araw na ito at may sasakyan ang um-order sa kanya. Sa ibang mga flower shop na sinu-supply-an niya ay siya mismo ang nagde-deliver ng mga bulaklak.

Humihina ang bentahan ng rosas sa nakaraang mga buwan. Dalawa ang pag-aari niyang greenhouse na parehong forty by thirty meters ang laki, subalit isa lamang ang tinatamnan niya sa ngayon. Dati ay

puno rin ng rosas ang kabilang greenhouse, subalit nang bumagsak ang demand ay nalalanta na lamang ang mga bulaklak na pinag-ukulan niya ng maraming oras at pagod.

Negosyo iyon ng kanyang mga magulang at iyon din ang pinangtustos nila sa kanyang pag-aaral hanggang nakapagtapos siya ng kolehiyo. Pumasa siya sa board bilang isang accountant at mahigit isang taon siyang nagtrabaho sa isang kompanya sa Makati.

Biglaan siyang bumalik dito sa lungsod ng Baguio nang mabalitaan niyang nahulog sa bangin ang kotseng sinasakyan ng mga magulang niya. Dead on the spot ang kanyang ina. Ang kanyang ama ay naitakbo pa sa ospital, ngunit namatay rin ito makaraan ang dalawang araw.

That was the darkest chapter of her life, and even after two years, she still felt lonely. Wala siyang kapatid at parehong nag-iisang anak din ang kanyang mga magulang, kaya wala rin siyang mga malapit na mga kamag-anak maliban sa lolo at lola niya sa ama na parehong naninirahan sa Australia.

Mula noon ay hindi na siya bumalik sa trabaho at iniukol niya ang lahat ng kanyang panahon sa pag-aalaga ng mga bulaklak. Alaala iyon ng kanyang mga magulang, kaya hindi niya iyon maaaring pabayaang.

May narinig siyang sasakyang huminto sa tapat ng greenhouse. Kaagad siyang lumabas sa pag-aakalang ang jeep ng flower shop na iyon, ngunit isang magarang itim na kotse ang natanaw niya sa labas ng nakabukas na gate.

Natigilan siya nang isang matangkad na lalaking malapad ang mga balikat ang lumabas ng sasakyan at tumingin sa kanyang gawi. For all her twenty-five years on earth, this man was probably the most dazzling man she'd ever seen. Even at a distance, she could see his deep-set eyes, straight nose, and strong sensuous mouth. Maayos na nakasuklay ang buhok nito at elegante ang suot nitong black suit.

Isinara nito ang pinto ng kotse at ngayon ay papalapit na sa kinatatayuan niya. Bigla siyang na-conscious at tiningnan niya ang kanyang sarili. Marumi na ang denim jumper niya at putik-putik na rin ang kanyang boots. Worst of all, nangangamoy na siguro siya. Nakakahiya kapag nilapitan siya ng lalaking ito. Ngunit kabastusan naman kung tatakbuhan niya ito.

“Miss Alona Gutierrez?” tanong nito at huminto mga dalawang metro ang layo mula sa kanya.

She was glad he kept his distance nang sa ganoon ay hindi siya nito maaamoy.

“Yes,” she nodded, and suddenly, she was mesmerized with the glow in his eyes. Dark brown ang kulay ng mga mata nito, at mahahaba ang pilik nitong lalo pang dumagdag sa kakisigan nito. His hairline was the shape of a heart, and he had a strong pair of jaws, as strong as the man he was. But it wasn’t just his looks. There was something about him that seemed to trance her. Para itong isang magnet na humihila sa kanya palapit dito.

“I’m Ivan Parerra,” pakilala nito at inilahad ang kamay sa kanya.

Nag-alangan si Alona na makipagkamay rito. Sa dalawang taon niyang pagtatanim ng mga bulaklak ay batid niya kung gaano kagaspang ang kanyang mga palad. Mamamatay siguro siya sa hiya kapag nalaman nitong mas malambot pa ang kamay ng lalaking construction worker kaysa sa kanya.

“S-sorry, my hands are dirty,” rason niyang itinago ang kanyang kamay sa likuran niya. “Humawak kasi ako ng lupa kanina. Hindi pa ako nakapaghugas.”

Hindi ito umimik. Mayamaya ay ibinaba rin nito ang kamay. “I understand,” anito.

“May kailangan po kayo sa akin?” tanong niya.

“Yeah. Ni-refer ako ni Mr. Gomez sa ’yo. He said

you used to supply his shop with your flowers.”

Naalala niya si Frederick Gomez, ang may-ari ng flower shop na dati niyang sinu-supply-an sa Manila. “Ah, yes. But it’s been a while na wala kaming transaction.”

“Sabi nga niya. Hindi mo na raw siya pinapadalhan ng roses.”

She smiled and raked her hair with her fingers, nang may masalat siyang maliit na dahon na sumabit doon. Lumuluwag na rin ang kanyang ipit at ilang hibla na ng buhok ang nahuhulog sa kanyang mukha. Lalo tuloy siyang napapahiya. Siguro ay natatawa na ito sa hitsura niya, ngunit hindi lamang ito nagsasalita. Kung kailan naman siya mabaho, madungis at nagmumukhang bruha ay saka pa siya makakakita ng guwapo.

“Isang variety lang kasi ng rose ang ino-order niya sa akin noon. Hindi kasi masyadong mabenta, eh.”

“Amelia?”

Nagulat siya. Hindi niya inakalang alam nito ang pangalan ng bulaklak na iyon. “Oh, you’re familiar with it?”

“Yes,” he replied. “I came all the way here to Baguio for that particular flower. I don’t think there are too many growers of that variety now.”

“Too little to be honest,” sagot niya. “Amelia rose is a rare kind, and very sensitive. Kaya siya mahal.”

“But very beautiful.”

Alona smiled. Kahit pala mga lalaki ay may appreciation din sa mga bulaklak. “Indeed.”

Ivan flashed her a grin, showing a set of sparkling white teeth. Naniningkit ang mga mata nito kapag ngumingiti, at lalo pa itong gumaguwapo sa paningin niya.

“Do you mind if I take a look at them?” tanong nito.

Biglang nawala ang ngiti niya. “You came to see them?”

“Yes.”

Sinulyapan niya ang kabilang green house na dalawang buwan nang hindi natataniman. “I had plenty of it before in there,” she said, pointing at the green house. “But as I said a while ago, mahina ang benta ng amelia rose kasi mahal ang presyo. Actually, nalugi nga ako, eh. So I decided to cut them all off. I’m

planning to make way for tulips, pero pinag-aaralan ko pa kung papaano mag-alaga ng tulips.”

He was obviously disappointed. “Since when?”

“Since two months ago.”

Bumuntong-hininga itong napahawak sa noo. “All of it?”

“May itinira akong dalawang shrub, pero wala pa silang bulaklak sa ngayon.”

“Mind if I see them?”

“Sure.”

Dinukot niya ang susi sa kanyang bulsa at tinungo ang pangalawang green house. Naramdaman niyang sumunod ito at dinalangin niyang huwag sana ito na mas lumapit pa sa kanya upang hindi nito maamoy ang kanyang pawis.

Binuksan niya ang pinto at nauna siyang pumasok. Bakanteng lupa lamang ang nasa loob at sa isang sulok ay naroon ang dalawang puno ng amelia na itinira niya para pagkunan ng cuttings.

“There it is,” aniyang itinuro ang halaman.

Tahimik nitong tinitigan iyon saka nilapitan. Watching him at a distance, she realized he was as

tall as the six-foot shrub of the rose.

“Malapit na bang mamulaklak ito?” tanong nitong nakatingin pa rin sa halaman.

Nilapitan niya ito ngunit nag-iwan siya ng isang metrong distansya. That close, the scent of his manly perfume filled her nostrils, igniting a tingling feeling inside her that she couldn’t quite comprehend.

“Yes. Pero baka one week pa bago mamukadkad ’yan.”

“So can you get some seeds from the flowers and plant it?”

Natulala siya at hindi nakasagot.

“I mean,” he said as he probably noticed her puzzlement. “I need a lot of this flower. As much as you can harvest from this whole greenhouse.”

Napaawang ang kanyang bibig. Ilang sandali bago siya nakapagsalita. “You’re too late. Natanggal ko na sila. And if we’re going to wait for the seedlings, it could take months before they’d dry and sprout.”

“So how do you propagate them?”

Tiningnan niya ang mga rootstocks na itinabi niya sa sulok at nilapitan iyon. Binuhat niya ang isang

maliit na paso at ipinakita rito ang stem na nakatirik sa lupa.

“This is what we call rootstock. It is best done kapag natuyo ‘yung bulaklak. We cut it in forty-five degrees angle, then we dip it in rooting powder para mas mabilis tumubo ‘yung ugat saka namin itanim sa lupa.” Huminto siya saglit at hinila ang tangkay. “As you can see, wala pa siyang ugat. Last week ko lang kasi ito itanim and it usually takes around three weeks bago magkaugat.”

“I see,” sagot ni Ivan na tumango nang dalawang beses. “I hope marami kang naitabing rootstocks?”

Napatingala siya rito. “Unfortunately, not that much.”

“Pero kapag namulaklak ‘yung dalawang puno, you can get more stems.”

“That’s true, but it won’t be enough to fill up this whole house if that is how much you need. Kailan mo ba kailangan?”

“In about six months.”

Nag-isip saglit si Alona at saka siya umiling. “I’m afraid we can’t make it. It took eight months before those two shrubs reached their maximum growth

which is six feet as you can see.”

“Hindi ba sila mamumulaklak kapag hindi umabot sa ganyang laki?”

“Mamumulaklak pa rin sila pero hindi gan’un karami ang makukuha natin. Kung sakali, baka next month ko pa maitanim ’yung mga rootstocks. In about five months, baka four or five feet pa lang ang taas nila.”

“But if we plant this whole house with amelia, kahit hindi sila gaanong lumaki, we can harvest a lot of flowers in five months, right?”

Sinulyapan niya ang paligid ng malawak na green house. Kung nais nitong mapuno iyon ay baka isang libong tangkay ang kakailanganin niya. “We probably can. Pero ang problema, I only have fifty rootstocks. Ilan lang naman ang makukuha ko sa dalawang natirang shrub na ’yan. I’m really afraid that I might not be able to meet your demand.”

Ivan was momentarily silent, then he sighed in disappointment. “Do you know any other growers of this particular rose?”

Isang tao lamang ang pumasok sa kanyang isipan. “I know one, pero sa Benguet pa siya. If you want to go there, I can make a sketch of her residence.

Mahirap nga lang hanapin pero magtanung-tanong ka na lang.”

“I’ve never really been there. Would you be kind enough to accompany me? I’ll pay for your time.”

A warm feeling suddenly washed over her heart. She couldn’t believe this gorgeous man would actually want her company, kahit ba ganoon ang nakikita nitong hitsura niya.

“No problem,” sagot niya. “Kailan ka ba available?”

“Right now, if possible.”

She was dumbfounded. Masyado pala itong nagmamadali, ngunit puno ang schedule niya sa araw na iyon. “Pasensya ka na pero hindi kita maa-accommodate ngayong araw. May mga accounts akong kailangang i-settle. What about tomorrow?”

“I’ll be here. What time?”

“Mga ganito ring oras. Magtatanggal pa ako ng mga sirang dahon.”

“Okay, so... I’ll see you then,” he said and offered to shake her hand once again.

Gaya kanina ay muli niyang itinago ang kanyang

mga kamay. “They’re dirty.”

“I don’t mind.”

Biglaan ang kanyang pamumula at hindi siya gumalaw.

“All right,” he finally said with a grin and dropped his hand. “But really, thanks for your help. I’ll see you tomorrow.”

Tumango siya at inihatid niya ito sa labas. Kumaway ito sa kanya bago pumasok ng kotse, at nang lumayo na ang sasakyan ay huminga siya nang malalim.

Hindi niya maintindihan ang pagbilis ng tibok ng kanyang puso. Para yatang tinamaan siya ng palaso ni Cupido sa unang pagkikita pa lamang nila.

Nakangiti siya habang naglalakad patungo sa kanyang bahay na ilang metro lamang ang layo sa dalawang green house. Ancestral house nila ang bungalow na iyon kaya medyo luma na.

For the first time in her life, eversince her parents’ sudden death, she felt that lightness and warmth in her heart. Hindi niya maipaliwanag, ngunit masayang-masaya siya nang sandaling iyon. Pakiramdam niya ay may magandang mangyayari sa

kanyang buhay.

Tinawagan niya ang flower shop na nag-order ng bulaklak, at nang malaman niyang mga kalahating oras pa bago makarating ang sasakyan ng mga ito ay naisipan niyang maligo na muna.

Pagpasok niya sa banyo ay di-sinasadyang masulyapan niya ang kanyang sarili mula sa malaking salamin. She was shocked like she had seen a horrifying ghost when she saw her face. May putik pala sa kanyang noo at ilang maliliit na dahon pa ang nakadikit sa kanyang buhok. Mas nakakahiya pala ang hitsura niya kanina sa harapan ni Ivan kaysa sa inakala niya. Ano na lang kaya ang ihaharap niyang mukha rito kinabukasan?

2

Sumulyap si Ivan sa kanyang relo bago siya lumiko sa daan patungo sa bahay ni Alona. Nine-thirty pa lang ngunit kanina pa siya nababagot sa hotel. He couldn't wait to see that cute girl again with a mud on her forehead and some leaves on her hair.

Napangiti siya nang maalala ang pagtanggap nitong makipagkamay sa kanya. Alam niyang hindi marumi ang kamay nito, ngunit may suspetsa siya. She was a hardworking woman, kaya malamang ay magaspang ang kamay nito at ayaw nitong maramdaman niya iyon.

From a smile, he found himself grinning. Hindi niya maintindihan, ngunit naaaliw siyang tinitingnan at kinakausap ito. Hindi niya inakalang may mga babae palang gumagawa ng mga inakala niyang mga panlalaking gawain lamang. Marami na siyang nakilalang mga babae sa mundong ginagalawan niya, at ni isa man sa kanila ay hindi siguro masikmurang humawak man lang ng lupa.

Sa pag-iisip pa lamang niyon, lalo niyang naramdaman ang lumalaking paghanga kay Alona. She looked like a strong and independent woman.

With the way she spoke with him yesterday, he could tell she got some wits too. Higit pa roon, kahit pawisan man ito at magulo ang buhok ay maganda pa rin ito. He liked her big dark eyes with long lashes and her narrow bridged nose. Higit sa lahat, gustungusto niya ang kapulahan ng mga labi nito. Hindi lang nito napapansin na kapag nakatingin ito sa ibang direksyon ay hindi niya maalis ang pagkakatatig niya sa bibig nito.

Isang stainless jeep ang nadatnan niyang nakaparada sa tapat ng green house, at mayamaya lamang ay nakita niya si Alona na lumabas at may itinutulak na kariton na puno ng mga bulaklak papunta sa jeep. She was again wearing another jumpsuit, and her hair was clamped above her head just like yesterday.

Itinabi niya ang kanyang kotse at paglabas niya ay binubuhat na ng babae ang isang bundle ng bulaklak sa likuran ng jeep. Nagmadali siyang lumapit para tulungan ito.

“You need a man to do that job,” aniya sa likuran nito.

Bigla itong humarap sa kanya at nagulat nang makita siya. “Oh, Ivan! You’re early.”

Nangiti siya pagkakita sa namumula nitong mga pisngi. Tama nga ang mga naririnig niya na rosy cheeks daw ang mga babae rito sa Baguio. “Yeah. Wala kasi akong magawa kanina. Let me help you with that.”

Bago pa siya nito pahintulutan ay lumapit siya sa kariton at inabot ang isa pang bundle ng mga rosas.

“Careful with that,” narinig niyang babala nito, ngunit hindi niya ito pinansin.

Pag-angat niya sa mga bulaklak ay tumusok sa daliri niya ang isang malaking tinik ng rosas.

“Ouch!” aniyang medyo napangiwi ngunit hindi niya binitawan ang mga bulaklak.

“Sabi sa ’yo, eh, maraming tinik ‘yan,” anito. “Hindi na nila pinatanggal kasi urgent daw.”

Inilagay niya sa jeep ang bulaklak at isinunod ang dalawa pang bundle, saka niya muling hinarap si Alona. “It’s okay. Hindi naman gaanong masakit.”

“Sigurado ka?” tanong nito at lumapit sa kanya. “Patingin ng kamay mo.”

Inilahad niya ang palad upang ipakita iyon sa kausap at nagulat siya nang makita ang dugo na umaagos mula sa hinlalaki niya.

“Oh, my God!” anitong napahawak sa kanyang kamay at medyo piniga ang sugat para ilabas ang maruming dugo. “We have to clean that.”

“Okay na ba?” pasigaw na tanong ng babaeng nasa loob ng jeep.

“Sandali lang, ha,” ani Alona sa kanya at nilapitan ang customer.

Napangiti si Ivan habang pinapanood itong nakikipag-usap. Tama nga ang kanyang hinala. Mas magaspang pa ang kamay nito kaysa sa kaibigan niyang tennis player. But he liked the way she touched him. It was full of care and tenderness.

Nang makita niyang nagpaalam si Alona sa kausap ay tumabi siya para bigyang-daan ang jeep. Nang makaalis ito ay saka muling lumapit ang babae sa kanya.

“Pasok ka muna sa loob,” anito na itinuro ang bahay. “Linisan natin ’yang sugat mo para hindi ka matetano.”

Nagkibit-balikat siya at sumunod dito patungo sa bahay. Maliit lang na sugat iyon para sa kanya, ngunit hindi niya tatanggihan ang pag-aasikaso nito. He just loved it when a girl as cute as this one would pay that much attention to him.

“I’m wondering,” aniya habang hinahanap nito ang susi ng pinto, “wala ka bang boyfriend para tulungan kang magbuhat ng mga bulaklak?”

Nakangiti itong umiling at pinihit ang susi sa doorknob. “Two years ago, I had. Pero naghiwalay din kami agad.”

“Really? Ba’t di ka na lang mag-hire ng helper?”

“Meron dati. Pero n’ung bumagsak ang demand, mag-isa ko na lang inaasikaso ang green house. Kaya ko naman, eh.”

Bumuntong-hininga siya. Anupaman, parang hindi niya matiis panoorin itong nagbubuhay ng ganoon kabigat na mga bagay.

“This way,” sabi nito nang pumasok sila sa bahay. Dumerecho sila sa kusina at binuksan nito ang gripo. Nauna itong naghugas, saka siya nito tinawag.

“It’s just a prick, really,” he tried to reason out but she pushed him toward the sink.

“Kahit na. Mahirap ang infection. At saka andaming dugo niyan, ah.”

Hindi na siya nakipag-argumento; hinugasan niyang mabuti ang kamay. Paglingon niya ay wala na pala roon ang babae.

Nang tumigil sa pagdurugo ang sugat sa kanyang hinlalaki ay isinara niya ang gripo. Pumunta siya sa sala at hustong lumabas si Alona mula sa pinto ng isang silid.

“Sit down,” anito.

Umupo siya sa single couch at naupo naman ito sa mahabang sofa na katapat niya. Muli nitong hinawakan ang kanyang kamay at dinampian ng puting tela para matuyo ang tubig.

Ivan couldn't help smiling as he watched her take care of a small wound as if he would die if she wouldn't. Muli niyang naramdaman ang gaspang ng kamay nito. Lahat ng mga babaeng nakilala niya ay pawang malalambot ang kamay. Ito lamang si Alona ang kakaiba.

Bigla itong tumingala sa kanya at huli na para itago niya ang kanyang ngiti. Natulala ito sandali saka nagtanong. “What's that smile for?”

Natawa siyang umiling. “Nothing really.”

She shot him a suspicious stare, mayamaya ay parang may biglang sumagi sa isip nito at binitawan ang kanyang kamay. Hindi ito nagsalita at sa halip ay iniabot nito sa kanya ang isang plastic strip.

“Hindi mo ba ilalagay?” biro niya.

“Tinatawanan mo ako, eh,” sagot nitong namumula ang mga pisngi. Kahit pala hindi niya sabihin ay nahulaan nito kung ano ang kanyang ikinakaaliw.

“I wasn’t laughing. I was smiling.”

Sumimangot itong inilihis sa ibang direksyon ang mga mata. Cute pa rin ang tingin niya rito.

“Sorry,” aniya habang inilalagay ang plastic strip sa kanyang sugat. “Natural lang ’yan sa klase ng trabaho mo. I probably just found it strange.”

Huminga ito nang malalim at tiningnan ang isang palad nito. “Hindi naman siguro naging ganito itong kamay ko kung gumagamit ako parati ng gloves. Hindi kasi ako comfortable kung minsan. Parang ang hirap humawak.”

“You need that to protect your skin,” sabi niya. “Lalo na kapag gumagamit ka ng fertilizer.”

“You’re right. Anyway...” Bigla itong tumayo. “I’ll just take a shower. Hintayin mo lang ako sandali.”

Tumango siya at pinanood itong pumasok ng kuwarto. Nang isinara nito ang pinto ay tuminginting siya sa paligid. Parang napakatahimik ng

bahay na ito. Hindi kaya nag-iisa lamang si Alona na nakatira rito?

Tumayo siya at tumingin sa mga dingding. Nakasabit doon ang diploma ni Alona sa college. Nakapagtapos pala ito ng Accountancy, ngunit siguro ay mas ginusto nito ang pagpapalago ng mga bulaklak.

Ang mga medals ang isinunod niyang tiningnan. Gaya ng inakala niya, matalino nga talaga ito. Consistent honor student ito noong high school, at nang tingnan niya ang mga trophies sa ibabaw ng shelf ay nalaman niyang ilang beses rin itong nagwagi sa mga quiz bees.

Such an adorable girl she was. Lalo tuloy lumalaki ang paghanga niya rito. Madalang siyang makakita ng babaeng may-kaya sa buhay, maganda at matalino ngunit napakasimple.

He happened to set his eyes on a framed photograph above the television stand. Kinuha niya iyon at pinagmasdan. Kahit bata pa si Alona sa larawan ay nakilala niya pa rin ito. She was so cute then. Ang sarap pisilin ng mga bilog nitong pisngi.

Isinunod niyang tiningnan ang dalawang katabi ng babae na kapwa nakayakap dito. May hawig

si Alona sa ina nito, ngunit mukhang sa ama nito nakuha ang magaganda nitong mata.

Ibinalik niya ang larawan sa dating posisyon at ang altar naman ang nakakuha ng kanyang atensyon. Nang makita niya ang isa pang larawan ng mga magulang ni Alona na nakapatong doon ay kinutuban siya.

Nilapitan niya iyon at binasa ang nakasulat sa ibaba ng picture frame.

I miss you so much, Mommy and Daddy. Wherever you are, I'm sure you are both happy now. Don't worry about me. I'll be fine.

Napaawang ang kanyang bibig. Hindi siya makapaniwalang ulila na pala si Alona. Kaya pala bakas ang kalungkutan sa mga mata nito. But she seemed so strong, like she could withstand any rage of storm to come in her life.

Something was pricking his heart the moment he turned around and stared at the door of her room. He'd never before felt this kind of compassion. Iba iyon sa naramdaman niya kay Amelia.

Amelia still had her family, at kahit malubha na ang sakit nito ay parating nasa tabi nito ang mga magulang nito. Samantalang si Alona, nag-iisa na

pala ito sa buhay.

Alona needed someone in her life. Dapat siguro ay magkaroon ito ng kasintahan na magmamahal dito, and how he wished he would be that man. But he couldn't. Hindi na niya ito maaari pang mahalina.

Umupo siya sa sofa at ilang sandaling nag-isip. No one deserved to live a lonely life like that, kaya kung may magagawa siya ay nais sana niya itong tulungan.

Naalala niya ang kaibigan niyang si Raul. Mabait iyon at matalino. Sa edad nitong twenty-nine ay stockholder na ito ng tatlong kompanya. May pagkatorpe nga lang ito sa panliligaw, kaya minsan ay naisipan niyang hanapan ito ng kasintahan.

Hanggang maaari sana ay ayaw na niyang gawin iyon. He did it for Cedric and Amelia before, but it didn't work. Ngunit sa tingin niya ay magugustuhan ni Raul si Alona, at ganoon din ang babae rito.

Ilang minuto na siyang nakaupo roon hanggang narinig niya ang pagbukas ng pinto ng kuwarto ng dalaga. Napatingin siya sa direksyong iyon at doon lumabas si Alona na nakasuot ng violet na bestida na hanggang tuhod lamang ang haba. Medyo mababa ang kuwelyo nito at sumisilip ang maputi nitong

cleavage. Sa baywang ay may suot itong malapad na belt. Makitid ang baywang nito, at medyo malaman ang dibdib. Bukod pa roon, mahahaba ang hita ng dalaga at makinis ang kutis. Ngunit ang higit na ikinamangha niya ay ang mahaba at tuwid nitong buhok na nakalugay hanggang sa kalahati ng likuran nito.

Ivan's lips parted as he stared at the dazzling beauty standing before his eyes. It wasn't a cute girl anymore that he saw but a real beautiful woman.

3

Naramdaman ni Alona ang pag-init ng kanyang mga pisngi nang mapako ang titig ni Ivan sa kanya. Dahil naka-executive attire na naman ito ay naisip niyang magdamit ng ganoon para hindi siya magmukhang katulong nito.

“Bagay ba?” tanong niya para basagin ang katahimikan.

Noon lang parang nagising ang lalaki at pinilit ang sariling ngumiti. “Of course,” anito. “You’re very beautiful.”

Nahiya siyang hinawakan ang kanyang pisngi at halos mapaso siya sa naramdamang init doon. Hindi niya inasahang makakatanggap siya ng ganoong papuri sa isang guwapong lalaki na kagaya ni Ivan.

“Thank you,” tugon niya at nag-aalangang lumapit dito. “Shall we go?”

Isang oras bago nila narating ang tahanan ni Aling Josie na siyang tanging kakilala niyang nagtanim ng amelia. Ipinarada nila ang kotse sa gilid ng kalsada at saka nila inakyat ang mataas at masikip na hagdanan.

“Pasensya ka na. Ganito talaga dito sa kabundukan, maraming hagdanan,” hinihinal niyang sabi sa binata.

“It’s okay,” tugon nito. “Kahit sa States marami ring hagdanan.”

Natawa siyang nilingon ito saglit. “You mean sa States ka nakatira?”

“For the last six years, yes. My job is there.”

“Ano’ng trabaho mo doon?”

“I took over my father’s job.”

“I see,” turan niyang napatangu-tango.

Ilang sandali pa’y naabot din nila ang tuktok ng burol kung saan nakatirik ang bahay ni Aling Josie.

“Wow!” Ivan’s eyes wandered leisurely over the trees and mountains at a distance. “I really love it here. Great views, fresh cool air. Very convenient for living.”

“Para namang ipagpapalit mo ang trabaho mo sa States para tumira dito.”

“Why not?” balik nito at sabay silang tumawa. Batid niyang nagbibiro lamang ito.

“Sige, manood ka lang muna diyan. Tawagin ko lang si Aling Josie.”

“Sama na ako. Mamaya na tayo mag-sightseeing. May oras ka pa naman mamaya para ipasyal ako, di ba?”

Nakataas ang isa niyang kilay na sumulyap dito. “Seriously?”

“Yes. Para naman masulit ang pagpunta ko dito.”

Magsasalita pa sana siya nang makita niyang may lumabas sa pinto ng bahay. Nang makilala niya ang matandang nakahawak ng mga labada ay nagmadali siyang lapitan ito.

“Alona?” anito nang makilala siya. “Napasyal ka?”

“May kasama po ako,” sagot niya at nilingon ang binata sa kanyang likuran. “Si Ivan po. Naghahanap po kasi siya ng supplier ng amelia. Baka po matulungan n’yo siya.”

“Amelia?” Nagsalubong ang mga kilay ni Aling Josie na parang nag-isip pa sandali bago ito nagpatuloy. “Naku, wala na akong tanim n’un.”

Natulala siya, at nang sulyapan niya si Ivan ay ganoon din ang reaksyon nito. “You mean tinanggal

n'yo na rin po 'yung mga tanim ninyo?" tanong ng lalaki.

“Matagal na, Hijo,” sagot ng matanda. “Wala kasing bumibili. Hindi naman namin maibaba ang presyo kasi mahirap alagaan.”

Hind nakapagsalita si Ivan. Halata ang pagkadismaya nito, doble pa sa pagkadismaya nito nang sabihin niya ritong hindi niya maibibigay ang demand nito.

“Ba’t hindi na lang ibang bulaklak ang bilhin mo?” ani Aling Josie rito. “Marami akong pananim diyan na tea rose. Magaganda silang lahat. Halikayo, tingnan ninyo.”

Ibinaba ng kanilang kausap ang hawak na basket ng labada at nagpatiuna sa paglakad patungo sa green house nito. Sumunod silang dalawa, ngunit halata niyang parang hindi interesado si Ivan. Nagtataka siya kung bakit ganoon na lamang kaimportante rito ang bulaklak na iyon. Marami pa namang ibang mga rosas na kasing-ganda rin ng amelia.

Pumasok sila sa green house at lumingun-lingon sa magkakaibang kulay ng mga rosas. Kung sa galing talaga sa pag-aalaga ng bulaklak ay malayo pa siya sa kalingkingan ni Josie. Kung hindi lamang mahirap

ang road access sa tirahan nito ay matagal na siguro itong yumaman.

“Ayan, Hijo,” ani Aling Josie. “Magaganda rin sila, di ba?”

Huminto si Ivan at marahang hinawakan ang isang pink na rosas. Ganoon din ang kulay ng amelia, subalit iba ang hugis ng petals.

Naghintay sila sa sasabihin nito. Nakita nilang ibinaba nito ang kamay at bumuntong-hininga. “Hindi po puwede. Yung amelia talaga ang kailangan ko. Wala po ba kayong naitabi diyan na sanga o...” Huminto ito saglit at tumingin sa kanya. “What do you call that again?”

“Rootstocks.”

“Right.”

Umiling si Aling Josie. “Wala, eh. Pero meron akong pinatuyong seedlings. Kung gusto n’yo ibenta ko na lang sa inyo para kayo na lang ang magtanim.”

“Ayaw n’yo po bang magtanim ulit?” tanong ni Ivan. “Babayaran ko po kayo.”

Natawa ito. “Naku! Pasensya ka na, Hijo, pero mahirap mag-alaga niyan. Mahina na rin ang katawan ko. Madali na akong mapagod.”

“Gan’un po ba?”

Nanahimik si Alona. Naaawa siya sa kalungkutan sa mukha nito. Siguro nga ay napakaimportante ng paggagamitan nito sa mga bulaklak kaya ganoon na lamang ang pagpupursigi nito na makahanap niyon.

Naisip niya ang binanggit ni Aling Josie na mga seedlings. Kung tuyo na iyon ay maaari niya iyong patubuin sa loob ng isang buwan.

“Marami po ba kayong seedlings na naitabi?” tanong niya sa matanda.

“Marami. Ilan ba’ng kailangan ninyo?”

“Isang libo.”

Nagulat si Aling Josie at pinalo siya nito sa balikat. “Ikaw naman. Five hundred siguro meron.”

“Kung ilang lahat ang stocks n’yo diyan, kukunin naming lahat.”

“Sige, sandali lang,” anito at tinungo ang loob ng bahay nito.

Napatingin siya kay Ivan na noon ay nakangiti na. Kahit hindi man niya sabihin ay alam na siguro nito ang nilalaman ng isip niya. “But there are some things that we have to consider. Before that, kain na

muna tayo. It's almost lunch."

"My treat," masiglang sagot nito. "And thank you."

Pagkatapos nilang makuha ang mga buto ng amelia ay nagtungo sila sa isang exotic restaurant na kalahating oras ang layo mula sa bahay ni Aling Josie. Seafoods at salad ang specialty roon.

"About the flowers," she started and he quickly turned to her eagerly, "I'll try to plant them again, pero sa tingin ko hindi natin mapupuno 'yung isang green house. Sa mga nakuha nating seedlings at sa naitabi kong rootstocks, puwede siguro kalahati. Ang problema, hindi lahat ng seedlings ay mabubuhay. Kaya kung ano lamang ang maha-harvest natin after five months, 'yun lang talaga ang makakaya kong i-provide."

"Walang problema sa akin 'yun. Ang importante ay meron 'yung bulaklak. At tutulungan kita mismo."

Tumaas ang kilay niya. "Ipupunla ko muna 'yung mga buto. Hihintayin ko din pang magkaugat 'yung mga stems. Kaya next month ko pa sila maitatanim."

"Then next month pupunta ako dito para tulungan kita."

“What about your job?”

“Nag-leave ako for one year.”

Nagulat siya. “Don’t tell me bibiyahe ka ulit all the way from Manila para lamang tulungan ako?”

“Of course. Gusto ko ring matutunan ang gardening. It must be fun.”

Alona smiled. “I’m curious. Saan mo ba gagamitin ang ganoon karaming bulaklak?”

Biglang naglaho ang ngiti nito na para bang may masama siyang nasabi. Babawiin na sana niya ang kanyang tanong, ngunit sumagot din ito.

“It’s for a very special girl... for our wedding.”

Naparalisa siya sa narinig. Pakiramdam niya ay pinagsasampal siya sa mukha. Sa hindi niya maunawaang dahilan ay biglang nanikip ang kanyang dibdib, na para bang may mahapding dumapo sa kanyang puso.

Hindi niya iyon inasahan. Akala niya ay wala pa itong kasintahan. Nahiya tuloy siya sa kanyang sarili. Mula nang una niyang makita si Ivan ay pinantasya niyang maging kasintahan niya ito, ngunit hanggang ilusyon lang pala ang bagay na iyon.

Kahit dismayado siya ay pinilit pa rin niyang ngumiti para hindi ito makahalata. “She’s a very lucky girl.”

Ngumiti si Ivan. “I only wish to make her happy, and I’ll do almost anything to make that happen.”

Tila mamamatay na siya sa inggit. Mahal na mahal nga nito ang kasintahan nito. Hindi kagaya ng ex niya noon sa Makati na kaagad siyang hiniwalayan nang magdesisyon siyang manatili rito sa Baguio.

“I’m sure just having you as her boyfriend already makes her happy,” pahayag niya.

Malungkot ang naging ngiti nito saka umiling. “You know, if I had only known that this is how things would be, noon pa sana ako gumawa ng paraan para mapasaya siya.”

Hindi maunawaan ni Alona kung ano ang ibig nitong sabihin. Ipinalagay na lang niyang siguro ay naging abala sa trabaho ang lalaki noon sa States at ngayon lang nito nabibigyan ng panahon ang kasintahan nito.

“What’s important is... you’re becoming the perfect man for her now.”

Dahan-dahan itong yumuko. Kahit hindi niya

nakikita ang mga mata nito ay alam niyang may iniisip ito.

“How about you?” tanong nito nang muling iangat ang ulo. “Ba’t wala ka pang boyfriend?”

Tumawa siya nang mahina. “I don’t know. Masyado siguro akong nagpaka-busy sa mga bulaklak,” sagot niya.

“How old are you, anyway?”

“Twenty-five na ako.”

“I see. I thought you’re younger.”

Ngiti lamang ang kanyang naging tugon. Marami na ring nagsasabi sa kanya ng bagay na iyon. Mas bata raw siyang tingnan kung ikukumpara sa edad niya.

“May I ask you something too?”

Napatingala siya sa mukha nito. The glow in his eyes amazed her again, ngunit pinigilan niya ang kanyang damdamin. Masasaktan lamang siya kung hahayaan niyang lumago ang paghanga niya rito. “What is it?”

“Mag-isa ka lang bang nakatira ngayon sa bahay mo?”

“Yes,” she nodded. “Why did you ask?”

Hindi kaagad sumagot si Ivan. Tinitigan siya nito sandali na para bang nagdadalawang-isip sa susunod na sasabihin. “I saw a picture of your parents a while ago... I’m sorry.”

She forced out a laugh and shook her head. Nakita siguro nito ang larawan na may dedication, kaya siguro’y batid na nitong ulila na siya. “That’s okay.”

“Since when have you been living alone?”

“Two years na.”

“It must be hard.”

Napakamot siya sa kanyang batok. Masama na nga ang loob niya sa napag-alamang malapit na pala itong ikasal, lalo pa siya nitong pinapalungkot. She couldn’t stand to see the pity she saw in his eyes.

“Mahirap pero nasasanay na ako,” saad niya.

“That’s good to know. Kung ako siguro ang nasa katayuan mo, hindi ko kakayanin ‘yan.”

Nahinto ang kanilang pag-uusap nang dumating ang waiter para ibigay ang kanilang order. Tahimik silang kumain.

Nagyaya itong mamasyal pagkatapos nilang

mananghalian. Ayaw niya sana ngunit nahiya siyang tumanggi.

Inikot nila ang lahat ng pasyalan sa buong siyudad. Hindi niya inakalang masaya pala itong kasama. Nagbiruan at nagtawanan pa silang parang mga malapit na magkaibigan. Subalit naalala niyang may kasintahan na ito na malapit na nitong pakasalan, so she kept her distance.

Papadilim na nang ihatid siya nito pauwi. Sinabayan siya nito sa paglakad patungo sa bahay.

“Tawagan mo ako kapag ready na ang mga sprouts,” anito at iniabot ang calling card sa kanya. “I’ll come here to help.”

Nangiti siyang tinanggap ang card. Seryoso nga talaga ito sa balak nitong pagtulong. Napakadakila talaga ng pagmamahal nito sa kasintahan nito. “No problem.”

Ilang sandali itong tunitig sa kanya na parang ayaw pa nitong umalis doon.

“Well,” he said with a sigh, “I think we’ll be seeing a lot of each other again.”

“A lot?” ulit niya. Ang akala niya ay sa pagtatanim lamang ito tutulong.

“Yes, a lot. I’ll be checking on those flowers from time to time.”

“Kaya ko naman silang alagaan mag-isa.”

“As I said, you need a man to help you around here,” paalala nito.

Alona was flattered. Parang tumataba ang kanyang puso, ngunit alam din niyang hindi siya nararapat makaramdam ng ganoon, kung hindi ay masasaktan lamang siya. “If you insist.”

Ngumiti ito at biglang hinawakan ang kanyang kamay. Hihilain niya sana iyon ngunit hinigpitan nito ang hawak. “You have a beautiful hand. Take care of it.”

Nahiya siyang yumuko at narinig niya itong tumawa.

“Starting next month, baka every weekend na akong dadalaw dito. If you don’t mind.”

“Not at all,” iling niya. “But for how long?”

He smiled again, his eyes glittering through the dusk. “Until the roses bloom,” he said and turned away.

Tulala siyang naiwan doon habang nakamasid

Until The Roses Bloom - Rebecca Rosal

sa likod nitong papalayo. Pagpasok nito sa kotse ay kumaway ito sa kanya mula sa bintana.

“Until the flowers bloom,” she whispered to herself when she was finally left alone. Malapit na iyon. Pagkatapos ng anim na buwan at namukadkad na ang mga bulaklak, ikakasal na ito at hindi na sila muli pang magkikita.